

Pagpapakain sa iyong sanggol na nasa Neonatal Intensive Care Unit

Feeding your baby in the Neonatal Intensive Care Unit

Impormasyon na makakatulong sa mga desisyon

Information to help with decisions

Ang mga magulang ay maraming mga katanungan tungkol sa pagpapakain ng kanilang mga sanggol. Ang iyong mga health care provider ay nakikinig at sasagutin ang mga katanungan mo nang tumpak at maingat. Nagbibigay kami sa mga pasyente ng impormasyon na mula sa kasalukuyang mga pag-aaral upang makatulong sa kanilang mga desisyon sa pagpapakain ng kanilang sanggol.

Maraming mga magulang ang gustong magpasuso ng kanilang sanggol ngunit ang ilan ay kailangang magdagdag o mag-supplement dahil sa mga personal o medikal na dahilan. Nakagawian na ang iyong sariling gatas ang pinakamahusay para sa iyong sanggol, lalo na kung nasa Neonatal Intensive Care Unit [NICU]. Minsan ay maaaring magdagdag ng nutrients sa iyong gatas. Kinakailangan minsan ang supplement. Ang formula o donor milk (kung may makukuha) ay maaaring ibigay.

Paano nakabubuti ang gatas ng ina sa mga sanggol?

Ipinakita ng mga pag-aaral na ang mga sanggol na nakatanggap ng anumang gatas mula sa suso ay may higit na **proteksyon mula sa:**

- Pagtatae at pagsusuka
- Sipon, flu, mga impeksyon sa tainga, chest infections
- Diabetes, labis na katabaan, sakit sa puso at stroke
- Ilang mga uri ng cancer ng bata
- Bowel conditions
- Biglaang pagkamatay ng sanggol/infant death syndrome

Ang mga ina na nagpasuso ng kanilang mga sanggol o nagbigay ng gatas sa pamamagitan ng pag-express at pag-pump ay may mas mahusay na proteksyon laban sa:

- Diabetes
- Problema sa pagdurugo pagkatapos na manganak
- Breast cancer bago mag-menopause
- Ovarian cancer

Bakit mahalaga ang gatas na mula sa suso para sa mga premature o may sakit na sanggol?

Sinasabi sa atin ng mga pag-aaral na ang unang gatas na tinatawag na colostrum, ay sadyang mahalaga para sa mga sanggol na nasa NICU. Napatunayan na ang gatas ng ina ay binabawasan ang panganib ng necrotizing enterocolitis [NEC], isang malubhang kalagayan sa bituka (bowel condition) na maaring makaapekto sa mga sanggol na ipinanganak na premature. Kahit na kaunting colostrum lamang at gatas na mula sa suso ay makakatulong sa mga sanggol upang lumaki at magkaroon ng proteksyon laban sa impeksiyon.

Paano ako magpapasuso ng aking sanggol kung hindi pa niya kayang sumuso?

Maraming mga sanggol na nasa NICU ay hindi pa kayang sumuso nang direktso, subalit maari pa rin nilang matanggap ang gatas na mula sa suso. Ang pagpasil na gamit ang kamay o hand expression ang pinakamahusay na paraan upang maibigay ang gatas sa iyong sanggol sa simula. Ang breast pump ay maari ring gamitin para sa mas mahabang oras. Ang iyong nurse o lactation consultant ay puwedeng tumulong para matutunan mo kung paano mag-express, mag-pump, at magpasuso ng iyong sanggol kapag kaya na nilang sumuso. Dahil kailangan ng sanggol na kumain ng 8 beses bawat araw, napakahalaga na mag-express o mag-pump ng gatas ng parehong beses para magkaroon ng mahusay na supply ng gatas.

Skin-to-skin

Anumang paraan pinakakain ang iyong sanggol sa NICU, tandaan na magkaroon ng oras sa bawat araw para sa skin-to-skin (S2S). Ang iyong sanggol ay dapat na nakahubad, suot lamang ang lampin na nagpapahintulot para sa skin contact hangga't maaari. Ang S2S ay nagpapabuti ng development ng iyong sanggol, nakatutulong sa bonding at nagpapahusay ng supply ng gatas.

Mga Karagdagang Mapagkukunan ng Impormasyon

Websites

Fraser Health Website: <http://www.fraserhealth.ca/nicu>

Healthy Families BC website: <https://www.healthyfamiliesbc.ca/parenting>

Mga Pamphlet at Kagamitan

Pagpapasuso at Gatas Mula sa Ina Makukuha mula sa Fraser Health Patient Education Catalogue:
<https://patienteduc.fraserhealth.ca>

Pagpapakain ng Iyong Sanggol (0 – 6 buwan). Mag-search sa pamamagitan ng title, o ID #26058

Expressing Your Breast Milk: Getting Started When Your Baby is in the Hospital (Pagpapalabas ng Gatas sa Iyong Suso: Pagsisimula habang nasa Ospital ang Iyong Sanggol) (Catalogue #37673) (Wikang Ingles lamang)

Humingi ng kopya sa iyong nurse:

Breast milk Expression Log (Pagpapalabas ng Gatas sa Iyong Suso)

Fraser Health Pump Rental List (Listahan para sa Rental ng Pump ng Fraser Health)

Infant Formula

Makukuha mula sa Fraser Health Patient Education Catalogue:
<https://patienteduc.fraserhealth.ca>

Formula Feeding Your Baby: Getting Started - HealthLinkBC (Pagpapakain ng Iyong Sanggol Gamit ang Formula: Pagsisimula) File 69a (Catalogue #9107) (Wikang Ingles lamang)

Formula Feeding Your Baby: Safely Preparing and Storing Formula - HealthLinkBC (Pagpapakain ng Iyong Sanggol Gamit ang Formula: Ligtas na Paghahanda at Pag-iimbak ng Formula) File 69b (Catalogue #9113) (Wikang Ingles lamang)

Formula Feeding Your Baby-Birth to 6 months (Pagpapakain ng Iyong Sanggol Gamit ang Formula - Mula Pagkapanganak hanggang 0 – 6 buwan) (Catalogue #27978) (Wikang Ingles lamang)
